# Pasubaybay na Pagtuturo sa mga Gurong Nagsasanay sa Pagsasagawa ng Classroom-Based Action Research

**Argie Anthony C. Inciso**
College of Education
Leyte Normal University
Tacloban City, Philippines
argiea.inciso@lnu.edu.ph

***Abstract*— Per Joint CHED-DEPED Memorandum Order No. 01, series of 2021 of the Philippines, the policies and guidelines adopted and promulgated by practice teachers in their internship to conduct classroom-based action research on specific teaching-learning areas. For practice teachers to develop quality and relevant action research, the researcher performed action research centered on mentoring practice teachers in their classroom-based action research. The participants were practice teachers of a teacher education higher education institution in Eastern Visayas, Philippines conducting classroom-based action research during their internship. The researcher identified 13 groups of practice teachers working on classroom-based action research during their internship. The researcher used practical action research design and Stringer's (2007) Action Research Interacting Spiral as an action research model. Three cycles of coding were performed utilizing survey answers in Phase 1, Online Mentoring Activity, and research outputs and one-on-one discussions with the groups in Phase 2, Hands-on Mentoring Activity. Findings indicate that mentoring was an excellent method of developing practice teachers' classroom-based action research skills.**

***Keywords*— practice teachers; internship; classroom-based action research; mentoring**

*Abstrak*— Alinsunod sa *Joint CHED-DEPED Memorandum Order No*. 01, serye 2021, ang mga patakaran at alituntunin ay pinagtibay at ipinahayag sa mga gurong nagsasanay upang magsagawa ng *classroom-based action research* sa mga partikular na aspekto ng pagtuturo-pagkatuto para sa ikadedebelop ng mga gurong nagsasanay sa pagbuo ng mataas na kwaliti at may kalidad na pananaliksik. Mula rito, ang mananaliksik ay nagsagawa ng isang pag-aaral na nakasentro sa pasubaybay na pagtuturo sa mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng *classroom-based action research*. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga gurong nagsasanay sa isa sa mga institusyong pang-edukasyon sa kolehiyo sa Silangang Visayas na nagsasagawa ng kanilang *classroom-based action research* habang sila ay naka-deploy sa *internship.* Natukoy ng mananaliksik ang 13 grupo ng mga gurong nagsasanay na nagtatrabaho ng aksiyong pananaliksik sa panahon ng kanilang *internship*. Ginamit ng mananaliksik ang praktikal na disenyo ng *aksiyong pananaliksik* at ang Stringer's (2007) *Action Research Interacting Spiral* bilang modelo ng pag-aaral na ito. Tatlong (3) siklo ng kowding ang isinagawa ng mananaliksik gamit ang mga sagot sa sarbey para sa Yugto 1. Pasubaybay na pagtuturong gawain sa onlayn at mga awtput ng pananaliksik at talakayang *one-on-one* sa mga grupo sa Yugto 2. Aktuwal na pasubaybay na pagtuturo ng gawain. Resulta sa pag-aaral ay nagpapakita na ang pasubaybay na pagtuturo ay isang epektibong paraan upang madebelop ang mga kasanayan ng mga gurong nagsasanay sa pagbuo ng isang aksiyong pananaliksik.

*Mga Susing Salita— gurong nagsasanay, internship, classroom-based action research, pasubaybay na pagtuturo*

## I. INTRODUKSIYON

Batay sa *Joint CHED-DEPED Memorandum Order No*. 01, serye 2021, ang mga patakaran at kaukulang probisyon ay alinsunod sa Batas Republika Blg. 7722 o mas kilala bilang "*Higher Education Act of 1994*," at ng Batas Republika 9155 na mas kilala bilang "*Governance of Basic Education Act of 2001*," at sa bisa ng *Commission En Banc Resolution No*. 300-2021, ang mga patakaran at alituntunin ay pinagtibay na ang mga gurong nagsasanay ay kailangang magsagawa ng kanilang aksiyong pananaliksik sa paaralan kung saan sila naroon. Mula rito, ang mananaliksik ay nagsagawa ng isang papel-pananaliksik na nakatuon sa pasubaybay na pagtuturo sa mga gurong nagsasanay sa kanilang paggawa ng aksiyong pananaliksik upang makaprodyus nang may kwaliti at may katuturang mga pananaliksik sa silid-aralan.

Ang aksiyong pananaliksik bilang isang paraan ng pag-aaral ay may malaking potensyal upang mapahusay ang kasanayan sa pagtuturo at propesyunal na pag-unlad ng gurong nagsasanay (Mertler, 2019; Salbx et al., 2020). Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik, ang mga gurong nagsasanay ay magkakaroon ng pagkakataong malinang ang malalim na pag-unawa

sa kanilang mga tungkulin bilang mga tagapagturo na magreresulta sa pagtuklas ng kanilang pagkakakilanlan bilang isang guro (Dikilitaş & Comoglu, 2022). Ang mapagbagong epekto ng aksiyong pananaliksik sa mga paaralan ay nagdudulot ng isang propesyonal na pagpapaunlad na kung saan nagiging replektibo ang mga tagapagturo (Salbx et al., 2020). Maraming salik ang nakaiimpluwensya sa karanasan ng mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik (Hunuk & MacPhail, 2023). Una, ang pakikiisa ng mga kaibigan at gurong tagapagsanay na may dating karanasan sa pananaliksik ay maaaring magbigay ng mahalagang suporta at patnubay sa kabuuan ng paggawa ng pananaliksik.

Ang pagtutulungan at pagpapalitan ng mga ideya at hinuha ng mga mag-aaral ay nagpapatibay ng isang nagkakaisa at positibong silid-aralan na nag-uugat naman ng pag-unlad at pagkatuto ng mga gurong nagsasanay (Manfra, 2019). Sa pagdaragdag, ang umuulit o *iterative* na katangian ng aksiyong pananaliksik kasabay ng maraming siklo ng pagpaplano, aksiyon, repleksiyon at pagsasaayos ay nakatutulong sa mas komprehensibo at makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na oras sa aksiyong pananaliksik, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga gurong nagsasanay na mapalakas at mapataas ang kanilang pagtanggap sa propesyunal na pag-unlad.

Ang mga pagsisikap at pagtutulungan sa pagitan ng mga gurong nagsasanay, mga gurong may karanasan at maging ang mga miyembro ng paaralan ay gumaganap ng mahalagang papel sa matagumpay na pagsasagawa ng isang aksiyong pananaliksik (Qingli, Torres, & Shi-Ji, 2019; Salbx et al., 2020). Sa kanilang pagtutulungan, maaari silang makabuo ng maayos na planong angkop sa mga layunin ng pag-aaral at ito ay makatutulong sa pagpapabuti ng mga kasanayan sa pagtuturo. Ang magkakaibang pananaw ng mga dalubhasa sa pananaliksik ay nagbubunsod ng mahusay at may kalidad na pagsasagawa sa proseso ng pananaliksik. Sa layuning magsagawa ng aksiyong pananaliksik, nakatatanggap ng malaking patnubay at maayos na fidbak ang mga gurong nagsasanay upang masigurong ang kanilang proseso sa pagsasagawa ng pag-aaral ay organisado, tiyak at makabuluhan ang magiging awtput nito (Madin & Swanto, 2019; Qingli, Torres, & Shi-Ji, 2019).

Higit pa rito, ang mga gurong nagsasanay na aktibong nakikilahok sa kanilang mga kaibigan at iba pang mga gurong tagapagsanay na naglalayong mapabuti ang pagkatuto ng mag-aaral at bumubuo ng isang positibong kultura sa loob ng silid-aralan ay nakitaan na mahusay at handang gumanap ng mga tungkulin sa pamumuno (Sheppard, Wolfinger, & Talbert, 2021). Ang kanilang mga unang karanasan sa kanilang larangang kinabibilangan kasama ng kanilang karanasan sa pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik ay nagbibigay sa kanila ng mahalagang perspektibo, hinuha at kadalubhasaan na maaaring maging gabay sa mga kasanayang pang-edukasyon. Sa pamamagitan ng kanilang pagbabahagi ng kaalaman at pagganap sa tungkulin ng pamumuno, ang mga gurong ito ay nakaaambag sa sama-samang pag-unlad at tagumpay ng komunidad ng edukasyon. Sa pangkalahatan, ang aksiyong pananaliksik ay nagsisilbing isang makapangyarihang kasangkapan upang mapahusay ang estratihiya ng pagtuturo, mapaunlad ang pagkatuto ng mga mag-aaral at mahubog nang lubos ang pagiging epektibo ng mga gurong nagsasanay.

### A. *Gap ng Pag-aaral*

Sa paunang sarbey ay natuklasan ang ilang mga hamong kinahaharap ng mga gurong nagsasanay kaugnay sa pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik. Ang resulta ay nagpapakita na may kalituhan ang mga gurong nagsasanay ukol sa likas na katangian ng aksiyong pananaliksik, kulang ng sapat na kasanayan upang mabuo nang maayos ang isang *gap* sa pananaliksik at limitadong kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik. Bukod pa rito, ipinahayag ng mga gurong nagsasanay ang kawalan ng tiyak sa mungkahing interbensiyon at sila ay nahaharap sa matinding hamon upang mapamahalaan nang epektibo ang oras sa pagitan ng mga responsibilidad sa *internship* at sa pagsasagawa ng kanilang pag-aaral.

Sa mga natukoy na isyung ito, kinikilala ng mananaliksik ang pasubaybay na pagtuturo bilang isang potensyal na epektibong interbensiyon upang matugunan ang mga hamong ito. Nagbibigay ng isang magandang suporta ang teknik na pasubaybay na pagtuturo sa mga gurong nagsasanay upang mapag-aralan ang mahirap na proseso ng pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik. Sa pamamagitan ng paglahok sa isang programang pasubaybay na pagtuturo, ang mga gurong nagsasanay ay maaaring makakuha ng gabay at suporta mula sa mga may karanasang tagapagturo na may kakayahang magbahagi ng kanilang kaalaman at mga hinuha. Ang interbensiyong ito ay naglalayong matugunan ang mga maling kaisipan ng mga gurong nagsasanay, magbigay ng patnubay sa pagbuo ng isang maayos na *gap* ng pananaliksik at paunlarin ang pag-unawa sa balangkas ng aksiyong pananaliksik.

Mula sa pagsasaalang-alang na ito, nilayon ng mananaliksik na matugunan ang sumusunod na katanungan sa pag-aaral:

1. Ano ang mga hamong kinaharap ng mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng kanilang *classroom-based action research*?

2. Ano-anong mga konsepto ang ginamit ng mga gurong nagsasanay ukol sa pagsasagawa ng *classroom-based action research* sa pamamagitan ng pasubaybay na pagtuturo?

3. Ano ang mga impresyon ng mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng *classroom-based action research*?

## II. Metodolohiya

### A. *Disenyo ng Pananaliksik*

Ang aksiyong pananaliksik ay isang angkop at epektibong dulog na metodo sapagkat ito ay nagbibigay sa isang tao ng mga kinakailangang kasangkapan upang matugunan ang mga partikular na isyu sa sistematikong paraan (Stringer, 2007). Sa kasalukuyang pag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang isang praktikal na disenyo ng aksiyong pananaliksik na hinalaw mula kay Stringer's (2007) *Action Research Interacting Spiral* bilang modelo ng pananaliksik na ito. Pinadali ng disenyong ito ang isang estruktura at masusing proseso ng pagsasagawa ng pag-aaral na kinabibilangan ng ilang mahahalagang yugto: pagtukoy sa problema, interbensiyon o pagbuo ng planong aksiyon, implementasiyon, pagsubaybay sa mga resulta at repleksiyon sa mga natuklasan.

Ang praktikal na disenyo ng aksiyong pananaliksik ay sumasaklaw sa isang umuulit na dulog, kung saan ang bawat siklo ng aksiyon ay nabubuo sa mga hinuhang nakuha mula sa mga nakaraang pag-aaral (Schmuck, 2006). Ang umuulit na prosesong ito ay nagbigay-daan sa mananaliksik na isaayos ang kaniyang mga interbensiyon, ayusin ang kaniyang mga pamamaraan at palawakin pa ang kaniyang pag-unawa sa isyung tinatalakay. Sa pamamagitan ng paglahok sa umuulit na prosesong ito, ang mananaliksik ay maaaring makakuha ng mahalagang datos, palalimin ang kaniyang mga pananaw at bumuo ng mga praktikal na solusyon upang matugunan nang epektibo ang natukoy na problema.

Ang A*ction Research Interacting Spiral* naman na iminungkahi ni Stringer (2007) ay nagsilbing isang komprehensibong gabay sa disenyo at daloy ng aksiyong pananaliksik na ito. Nagbibigay ito ng malinaw na pamamaraan upang maging gabay ng mananaliksik sa pagsasagawa ng pag-aaral, tinitiyak ang isang sistematiko at mahigpit na pagsunod sa proseso ng imbestigasyon ng pananaliksik. Binigyang-diin ng modelong ito ang kahalagahan ng tuluy-tuloy na repleksiyon at pagsusuri sa mga natuklasan na magbibigay sa mananaliksik upang gumawa ng matalinong mga desisyon at siguruhing maayos ang dulog na ginagamit habang nagpapatuloy ang siklo ng pananaliksik.

### B. *Proseso ng Pangangalap ng Datos*

Gumamit ang mananaliksik ng sarbey kwestyuner sa onlayn at ibinigay sa pamamagitan ng *Google Forms* para sa paunang sarbey na nagbigay ng mahalagang papel sa pag-alam ng mga gurong nagsasanay at makapangalap ng impormasyong kaugnay sa kanilang *classroom-based action research*. Ang mga natuklasan mula sa paunang sarbey kasama ang mga resulta ng pananaliksik at fidback ng tagasuri ay nagbigay-kaalaman sa disenyo at pagpapatupad ng mga kasunod na yugto sa pananaliksik, kabilang ang Yugto 1. Pasubaybay na Pagtuturong Gawain sa Onlayn, at Yugto 2. Aktuwal na Pasubaybay na Pagtuturo ng Gawain. Tiniyak nitong paulit at batay sa datos ang dulog na ito na tinutugunan ng mga pasubaybay na interbensyon ang isang partikular na hamong kinahaharap ng mga gurong nagsasanay at mag-uugat ng kanilang pag-unlad at debelopment ng aksiyong pananaliksik.

Batay sa mga natuklasan mula sa paunang sarbey, dinisenyo ng mananaliksik ang Yugto 1. Pasubaybay na Pagtuturong Gawain sa Onlayn. Isinama ng yugtong ito ang mga natukoy na problema at solusyon na nagbigay-pahintulot sa mga gurong nagsasanay na makilahok sa birtuwal na pasubaybay na sesyon. Ang mga resulta ng pananaliksik at ang fidback na natanggap mula sa kanilang pasalitang depensa ay higit na nagbigay ng mas malinaw na pag-alam sa mga problema at solusyong naisama naman sa Yugto 2. Aktuwal na Pasubaybay na Pagtuturo ng Gawain. Sa pamamagitan ng sistematikong pagsasama ng mga hinuhang nakuha mula sa paunang sarbey, ang mga resulta ng pananaliksik at ang fidback ng tagasuri ay natiyak ng mananaliksik na ang mga kasunod na yugto ng pag-aaral ay angkop upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan at hamong natukoy ng mga gurong nagsasanay. Ang paikot na prosesong ito ng pagkolekta ng datos, pagsusuri at implementasyon ng mga solusyon ay nabigyang-pahintulot upang maabot ang isang epektibo at naka-target na dulog ng pasubaybay na pagtuturo na naglalayong suportahan at pahusayin ang kasanayan sa pag-unawa at implementasyon ng mga gurong nagsasanay sa aksiyong pananaliksik.

### C. *Kalahok ng Pag-aaral*

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa mga gurong nagsasanay na kumukuha ng kanilang *internship* bilang bahagi ng programang edukasyong pangguro sa isang institusyon sa kolehiyo sa Silangang Visayas sa pulo ng Pilipinas. Partikular, tinukoy ng mananaliksik ang 100 mga gurong nagsasanay na nakibahagi sa pagsasagawa ng kanilang *classroom-based action research* para sa kanilang *internship.* Sila ay pinangkat sa labintatlo. Sa mga grupong ito, labindalawa ang binubuo ng mga gurong nagsasanay mula sa Ingles, habang ang isang grupo naman ay binubuo ng mga gurong nagsasanay mula sa TCP *(Teacher Certificate Program) Social Studies.*

### D. *Pamamaraan ng Sampling*

Gumamit ang mananaliksik ng dulog na *total population sampling*, na ginamitan ng *purposive sampling* upang mapili ang mga gurong nagsasanay mula sa isang partikular na institusyong pang-edukasyon sa kolehiyo sa Silangang Visayas sa pulo ng Pilipinas kung saan ang mga gurong nagsasanay ay kasalukuyang nagsasagawa ng kanilang

*classroom-based action research* para sa kanilang *internship*. Tiniyak ng dulog na ito na ang lahat ng mga natukoy na kalahok ay kalakip na nagbigay-daan naman sa isang masusing pagsusuri sa mga karanasan at pananaw ng mga gurong nagsasanay sa konteksto ng kanilang programang edukasyong pangguro.

### E. Analisis ng Datos

Upang mabuo ang mga kategorya ng konsepto, ang mananaliksik ay gumamit ng mahigpit na proseso ng kowding na binubuo ng tatlong (3) siklo at sumunod sa balangkas na iminungkahi ni Saldaňa (2009). Ang unang siklo ng paunang kowding, ang datos ay maingat na sinuri at ikinategorya batay sa mga unang impresyon at obserbasyon. Pagkatapos ay isinagawa naman ang deskriptibong kowding upang higit na pag-aralan at ilarawan ang mga umuusbong na kategorya. Sa ikalawang siklo, ang teknik ng kowding na ginamit ay ang pagtetema ng datos. Natukoy ng mananaliksik ang mga karaniwang *pattern*, ideya at tema mula sa nakakowd na datos upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga pinagbatayang konsepto. Pinadali ng prosesong ito ang organisasyon at pagklaster ng mga kaugnay na kowd tungo sa mga makabuluhang tema. Pagkatapos ay sinundan ito ng huling kowding at paunang yugto ng pagsulat ng manuskrito. Upang matiyak na pareho at sumunod sa manwal ng kowding at mga panuntunan, ginamit ang mga pagsususri ng talaan. Ang mga talaang ito ay nagsilbing mga rekord ng proseso ng pag-iisip at hinuha mula sa kowding. Sa pamamagitan ng pagdodokumento ng mga pagsusuri ng repleksiyong ito, naitatag ng mananaliksik ang kapaniwalaan at pagiging mapagkakatiwalaan ng gawaing pagsusuri na nagpapataas ng kredibilidad ng pag-aaral. Sa buong proseso ng kowding, patuloy ang mga ginawang pagpapabuti upang mapahusay ang pagkakapare-pareho at kabuluhan ng mga resulta. Nagkaroon ng rebisyon sa mga kowd, kategorya at tema habang nagkakaroon ng bagong hinuha at naabot ang mas komprehensibong pag-unawa sa datos. Ang mga umuulit na paraan ng pagsusuring ito ay nagbigay-daan para sa isang mas tiyak at tumpak na representasyon ng mga pinagbatayang konsepto at tema.

### F. Etikal na Konsiderasyon

Inuna ng mananaliksik ang kapakanan at kabutihan ng mga kalahok sa buong proseso ng pangangalap ng mga datos. Nagkaroon din ng espesyal na pagbibigay ng pangangalaga sa mga kalahok upang makalikha ng isang positibong kapaligiran upang hindi makaramdam ng hindi maganda habang sumasagot ang mga kalahok sa bawat katanungan. Iginagalang din ng mga mananaliksik ang awtonomiya at malayang paglahok ng mga impormante na tinitiyak ang hindi sila napilit magbigay ng mga tugon labas sa kanilang mga kagustuhan. Bago isagawa ang pag-aaral, ang superbisor ng mga gurong nagsasanay ay nagbigay ng pahintulot na nagpapakita ng isang etikal at responsableng pamamaraan sa pagsasagawa ng pananaliksik. Tiniyak ng hakbang na ito na ang mga kalahok ay may sapat na kaalaman tungkol sa katangian ng pag-aaral, layunin nito at anumang potensyal na panganib o benepisyong nauugnay sa kanilang paglahok sa pananaliksik. Sa pagdaragdag, maingat na tiniyak din ng mananaliksik ang pagprotekta sa kompidensiyal at pagkakakilanlan ng mga kalahok at ang paaralang kasangkot. Ang mga personal na impormasyon at pagkakakilanlan ay pinangalagaan upang mapanatili ang mataas na kompidensiyal ng mga indibidwal na kalahok. Kabilang dito ang pagsunod ng naaangkop na mga hakbang sa pagprotekta ng datos at pagtalima sa mga etikal na alituntunin tungkol sa pagkalap at paggamit ng mga datos. Sa pamamagitan ng pagbibigay-prayoridad sa kapakanan ng mga kalahok, paghingi ng pahintulot at pagprotekta sa pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon ay nagawang ipakita ng mananaliksik ang pagsunod sa tamang pagsasagawa ng pag-aaral nang may mataas na konsiderasyong etikal at pagiging responsable. Ang mga hakbang na ito ay hindi lamang nakatitiyak sa mga karapatan at kaligtasan ng mga kalahok, kundi nakatutulong din sa pangkalahatang kredibilidad at integridad ng mga natuklasan sa pag-aaral.

### G. Triangualtion

Upang matiyak ang kabisaan ng mga natuklasan, gumamit ang mananaliksik ng isang komprehensibong teknik na kinapapalooban ng pangangalap ng mga pananaw mula sa iba't ibang perspektibo. Bilang karagdagan sa pangangalap ng mga datos mula sa mga gurong nagsasanay, ang mananaliksik ay humingi ng input mula sa mga kaibigan nito upang magkaroon ng mas malawak na pang-unawa sa mga hamon at problemang nauugnay sa *classroom-based action research.* Sa pamamagitan ng paghingi ng fidbak mula sa mga kaibigang may katulad na karanasan at konteksto, nakakuha ang mananaliksik ng magkakaibang pananaw na nakatulong upang masuri ang kapaniwalaan ng mga natukoy na problema. Higit pa rito, ang mga rekomendasyon at opinyon ng mga miyembro ng lupong tagasuri sa kanilang pasalitang depensa ay isinaalang-alang upang matiyak ang isang maayos at komprehensibong pagsusuri. Ang pagsasama ng ideya ng mga miyembro ng lupong tagasuri na nagtataglay ng kadalubhasaan sa larangan ng edukasyon at pananaliksik ay nagdagdag ng mataas na kredibilidad at bigat sa mga natuklasan. Sa pamamagitan ng pagsasama ng kanilang mga pananaw, nagawang kumpirmahin at patunayan ng mananaliksik ang mga naobserbahang problema at tuklasin ang mga potensyal na solusyon mula sa iba't ibang mapagkukunan ng kaalaman.

### H. Reflexivity

Ang propesyonal na karanasan ng mananaliksik bilang isang propesor sa isa sa mga institusyon sa Pilipinas, ang Leyte Normal University, kasama ang

tuon ng kanyang institusyon sa edukasyon ay nakatulong sa kakayahang masuri nang mabisa ang kwalitatibong datos. Sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pag-aaral sa isang masusing pamamaraan, tinutukan ng mananaliksik ang mataas na pamantayan at kalidad ng pananaliksik at tiniyak na ang mga natuklasan ay mahalaga at may kapaniwalaan.

## III. Resulta at Diskusyon

### A. *Yugto 1. Pasubaybay na Pagtuturong Gawain sa Onlayn*

Ang sumusunod na tema ay nagpapakita sa mga hamon at problema ng mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng kanilang *classroom-based action research* batay sa paunang isinagawang sarbey.

*Tema 1. Mga maling pagkakaunawa sa katangian ng aksiyong pananaliksik*

Ang layunin ng *classroom-based action research* ay dapat na nakatuon sa paglutas ng mga nagaganap na problema at pagtugon sa mga partikular na isyung lumilitaw sa loob ng silid-aralan (Stringer, 2007; Diana, 2011; Banegas & de Castro, 2019; Clark et al., 2020) . Habang ang literatura at eksperimentasyon ng pedagohiya o ang mga pamamaraan ng pagtuturo ay maaaring magbigay ng mahahalagang hinuha at patnubay, dapat ito ay magsilbi rin bilang mga pantulong na mapagkukunan ng sanggunian sa halip na maging isang puwersa lamang ng pananaliksik. Ang pangunahing layunin nito ay dapat na matukoy at makabuo ng mga epektibong estratehiya at interbensiyon na direktang tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, sa halip na umasa lamang sa mga teoretikal na balangkas o literatura.

*Tema 2. Kakulangan ng ebidensiya upang maitatag ang mga problema sa silid-aralan*

Ang *classroom-based action research* ay dapat na nakabatay sa mga praktis at datos na may ebidensya (Stringer, 2007; Diana, 2011; Banegas & de Castro, 2019; Clark et al., 2020). Kaya, upang matuklasan ang isang tiyak na problema o isyu sa silid-aralan na dapat malutas sa pamamagitan ng aksiyong pananaliksik, ang mga palagay ay hindi lamang dapat maging batayan ng pagsasagawa ng pag-aaral kundi mahalagang magbigay ng mga ebidensyang kapani-paniwala tulad ng mga datos na ugnay sa paksa. Kung hindi, ito rin ay hindi sumunod sa isang sistematikong paraan ng pag-aaral.

*Tema 3. Kakulangan ng sapat na kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik*

May mga kailangang tugunan sa metodolohiya ng *classroom-based action research*, partikular na ang disenyo ng pananaliksik, pamamaraan ng pangangalap ng datos, pagsusuri, interpretasyon at presentasyon ng datos. Makikita ito sa mga tugon ng mga gurong nagsasanay na mayroon silang kawalan ng katiyakan sa kung paano nila isasagawa ang kanilang *classroom-based action research*.

*“I want to know about how to tackle logical steps to take in pursuing this study as I am experiencing difficulties in thinking on what to do as it is unfamiliar to me.”* (P10.5)

*“Nais kong malaman paano talakayin sa lohikal na proseso ang pagsasagawa ng pag-aaral na ito sapagkat ako ay nakararanas ng kahirapan kung paano ko ito gagawin lalo pa’t ito ay bago sa akin.”* (P10.5)

*“What strategies are there could we use in order to conduct our research more effective and better.”* (P2.5)

“*Ano-anong mga estratihiya ang maaaring gamitin upang maisagawa nang maayos at epektibo ang pananaliksik na ito?”* (P2.5)

*Tema 4. Kawalang-katiyakan ukol sa paggamit at kabisaan ng interbensyon*

Nag-aalala ang ilang mga gurong nagsasanay kung angkop ang interbensyong ginamit nila sa pagsasagawa ng kanilang *classroom-based action research.* Binigyang-diin nila ang kahalagahan ng pagbabasa at pagsusuri ng iba’t ibang literatura at ang pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik upang matuklasan ang kabisaan ng interbensiyong binuo.

*“We are hoping to measure if this strategy is effective to the students in concerns to enhancing their reading comprehension.”* (P7.3)

“*Kami ay umaasang masusukat namin kung epektibo nga ba ang estratihiyang ito sa pagtugon sa kahirapan at pagpapaunlad ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng kanilang binabasa.”* (P7.3)

*“I want to know how I can successfully implement the intervention for the said problem.”* (P4.2)

*“Nais kong malaman kung paano ko maisasakatuparan nang maayos ang pagpapatupad ng interbensiyong ito para matugunan ang natukoy na problema.”* (P4.2)

*Tema 5. Kahirapan sa pamamahala ng oras sa pagitan ng internship at aksiyong pananaliksik*

Sa mga kahingian sa *internship* tulad ng pagsasagawa at pagprodyus ng aksiyong pananaliksik, ang mga gurong nagsasanay ay nahihirapang balansehin ang kanilang oras sa pagtatrabaho ng iba pang mga gawain tulad ng paggawa ng mga banghay-aralin at kagamitang panturo at maging ang pagganap sa iba pang ipinagagawa ng gurong tagasanay, pagpasa ng iba pang mga kahingian sa pagtatapos tulad ng tesis at iba pa.

*"I want to know the ways in balancing our time in the practice teaching and the same time in making the chapter 4 and 5. Also, the application of our intervention…"* (P7.2)

*"Nais kong matutuhan ang kaparaanan upang balansehin ko ang aking oras sa pagpapakitang-turo at oras sa pagbuo ng kabanata 4 at 5. Sa pagdaragdag, ang aplikasyon ng aming interbensiyon*." (P7.2)

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng mga solusyon sa natukoy na problema kung saan ito ay kalakip sa Yugto 1. Pasubaybay na Pagtuturong Gawain sa Onlayn.

TALAHANAYAN I. MGA SOLUSYON PARA SA MGA NATUKOY NA PROBLEMA NG MGA GURONG NAGSASANAY SA PAGSASAGAWA NG KANILANG *CLASSROOM-BASED ACTION RESEARCH.*

| Problema | Solusyon |
|---|---|
| 1. Mga maling hinuha sa likas na katangian ng aksiyong pananaliksik | Pagtalakay sa konsepto ng likas na katangian ng aksiyong pananaliksik. Partikular, ang pagsagot sa sumusunod na katanungan:<br>1. Ano ang *classroom-based action research*?<br>2. Bakit may *classroom-based action research*? |
| 2. Kakulangan ng mga ebidensya upang matuklasan ang mga problemang makikita sa silid-aralan | Pagtalaky kung paano ang *classroom-based action research* makatutulong upang mapaunlad ang mga guro tungo sa mga epektibong gurong lider at ang yugto ng aksiyong pananaliksik.<br>Higit pa rito, ang sumusunod na katanungan ay nabuo ng mga gurong nagsasanay:<br>1. Ano ang mga problemang nais mong tugunan sa silid-aralan?<br>2. Ano ang iyong mga batayan sa pagtukoy ng mga problemang ito?<br>3.Paano mo natukoy ang iyong interbensiyon?<br>4. Paano mo natukoy ang kabisaan ng interbensiyong ito? |
| 3. Kakulangan ng sapat na kaalaman ukol sa balangkas ng aksiyong pananaliksik | |
| 4. Kawalang-katiyakan sa paggamit at ang kabisaan ng interbensiyon | Pagtalakay sa kahalagahan ng pagtukoy sa mga problemang dapat tugunan sa silid-aralan at ang mga implikasyon ng interbensiyong ito. |
| 5. Kahirapan sa pamamahala ng oras sa *internship* at aksiyong pananaliksik | Pagtalakay sa kahalagahan ng pagkakaroon ng isang maayos na balangkas ng aksiyong pananaliksik para bigyang-diin ang mga mahahalagang gawain at ang empasis nito sa komunikasyon sa gurong tagasanay, direktor ng gurong nagsasanay, tagapayo ng mga mananaliksik at mga miyembro ng grupo. |

*B. Yugto 2. Aktuwal na Pasubaybay na Pagtuturo ng Gawain*

Batay sa resulta ng pananaliksik, ang mga mungkahi mula sa miyembro ng lupong tagasuri sa pasalitang depensa at sa talakayan ng grupo, ang sumusunod na problema ay natukoy:

*Tema 1. Ang problema sa silid-aralan ay hindi makita bilang gap ng pananaliksik.*

Ang interbensiyon sa pag-aaral na ito ay ang pagtugon sa mga partikular na problema sa silid-aralan, kung saan ito rin ay isang *gap* ng pananaliksik na siya namang pokus ng pag-aaral (Diana, 2011). Subalit, ito ay dapat na bigyang-tuon ng mga gurong nagsasanay na nakulangan sa pagpapahalaga ng mga problema sa silid-aralan bilang pangunahing pokus ng kanilang pag-aaral sa *gap* ng pananaliksik. Mula rito, kapansin-pansin ang *pattern* na ito ay naobserbahan sa iba pang sanggunian at mga pananaliksik na nagpapakita ng parehong problema sa *classroom-based action research* na nagreresulta sa kwaliti ng awtput ng pananaliksik. Ang pag-alam at pagtukoy sa mga problema sa silid-aralan ay dapat bigyang-higit na kahalagahan sa pagsasagawa ng anumang pag-aaral ng aksiyong pananaliksik (Stringer, 2007; Diana, 2011; Banegas & de Castro, 2019; Clark et al., 2020). Ito ay nagsisilbing isang pundasyon ng pananaliksik na magiging gabay sa pagpili ng angkop na mga interbensiyon at pagbuo ng disenyo ng pananaliksik. Sa pamamagitan ng malinaw na pagtukoy sa problema, matitiyak ng mga mananaliksik na ang kanilang mga pagsisikap tungo sa target na tugon sa partikular na hamon at pagpapabuti ng mga resulta ng pagtuturo at pagkatuto ay maaabot. Napakahalaga para sa mga gurong nagsasanay na makilala ang kahalagahan ng pag-abot sa angkop na solusyon sa problemang nilalayong lutasin sa silid-aralan. Ang kaangkupang ito ay hindi lamang nagpapahusay sa kapaki-pakinabang at pagiging praktikal ng pag-aaral, ngunit tinitiyak din na ang mga natuklasan at mga interbensiyon ay direktang naaangkop sa konteksto kung saan sila isinagawa.

*Tema 2. Kakulangan ng sapat na datos upang suportahan ang bigat ng problema sa silid-aralan*

Nang tanungin kung paano nila natukoy ang problema sa silid-aralan na nais nilang tugunan, ang lahat ng mga pangkat ng mananaliksik ay sumagot na ito ay mula sa kanilang mga obserbasyon sa silid-aralan. Ang mga obserbasyon ay may mahalagang

papel sa aksiyong pananaliksik, ngunit ang ilang natukoy na mga problema sa silid-aralan ay nangangailangang bigyan ng angkop na datos upang bigyang-katwiran kung ito ay tunay na nararanasan. Isang halimbawa nito ay ang mababang antas ng komprehensyon sa pagbabasa ng mga mag-aaral. Ang obserbasyon ay hindi angkop na metodo at ang datos na ito ay hindi maaaring magbigay-katwiran na ang mga mag-aaral ay may mababang antas ng komprehensyon sa pagbabasa. Sa kasong ito, dapat gumamit ng *standardized* na pagsusulit upang matukoy ang antas ng komprehensyon sa pagbabasa ng mga mag-aaral.

*Tema 3. Kakulangan ng sapat na kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik*

Ang pagtukoy sa problema sa silid-aralan at ang interbensyon ay isang bahagi ng balangkas ng aksiyong pananaliksik (Stringer, 2007; Diana, 2011; Banegas & de Castro, 2019; Clark et al., 2020). Ganoon pa man, dapat tandaan na ang balangkas ng aksiyong pananaliksik ay sumasaklaw sa metodolohiya, presentasyon ng mga resulta at diskusyon at konklusyon at rekomendasyon ng pag-aaral. Isang halimbawa ay ang paggamit ng *quasi-experimental* na metodo sa isang pag-aaral kung saan, sa kasong ito ay ginamit ng ilang grupo ang disenyo ng pananaliksik na ito. Hindi ito angkop na disenyo sa pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik.

*Subtheme* 1. Hindi angkop na metodo

Sinasaklaw ng aksiyong pananaliksik ang parehong pilosopikal na pananaw at ang disenyo ng balangkas nito (Stringer, 2007). Nagbibigay ito ng mabalangkas na dulog sa pag-aaral na nagbibigay-tulong sa mga indibidwal upang maisakatuparan nang maayos ang pananaliksik, tulad ng mga gurong nagsasanay upang tugunan ang partikular na isyu o hamon sa masistemang paraan (Stringer, 2007; Diana, 2011; Banegas & de Castro, 2019; Clark et al., 2020). Subalit, sa pag-aaral na ito, naobserbahan na ang mga gurong nagsasanay ay nahihirapang tumukoy at magpatupad ng isang naaangkop na disenyo ng aksiyong pananaliksik. Isang grupo lamang ang gumamit ng praktikal na disenyo ng pananaliksik, ngunit nakaranas sila ng mga hamon at kahirapan sa pagbibigay-katwiran sa mga yugto ng nasabing disenyo upang epektibong matugunan ang *gap* ng pag-aaral.

*Subtheme* 2. Kabiguan sa paggamit ng angkop na modelo ng aksiyong pananaliksik

Ang aksiyong pananaliksik ay isang paraan kung saan binibigyang-pagkakataon ang mga mananaliksik na magtulungan lalo na sa pagsasagawa ng pag-aaral na nagbibigay-daan naman sa indibidwal na gumawa ng sistematikong aksyon upang lutasin ang isang partikular na isyu (Stringer, 2007; Diana, 2011; Banegas & de Castro, 2019; Clark et al., 2020). Ang mga gurong nagsasanay ay nagpakita ng isang konseptwal na balangkas ng kanilang plano ng interbensyon. Ngunit, hindi nila ito nagawang gamitin sa angkop na paraan ng modelo ng pananaliksik at hindi nakasunod sa sistematikong paraan ng pag-aaral.

Ang sumusunod na solusyon ay ipinakita bilang mga komento at ideya para sa kanilang muling pagsusulat ng manuskrito sa pag-aaral na ito kung saan naisama ito sa Yugto 2. Aktuwal na pasubaybay na pagtuturo ng gawain bilang suporta sa suhestiyon ng mga miyembro ng lupong tagasuri sa kanilang pasalitang depensa.

TALAHANAYAN II. MGA SOLUSYON PARA SA MGA NATUKOY NA PROBLEMA NG MGA GURONG NAGSASANAY SA KANILANG *CLASSROOM-BASED ACTION RESEARCH*

| Problema | Solusyon |
|---|---|
| 1. Hindi matukoy ang kapaniwalaan ng napiling na problema sa silid-aralan bilang *gap* ng pananaliksik | Malinaw na ilahad ang mga problema sa silid-aralan na nais tugunan ng interbensiyon sa *gap* ng pananaliksik. Huwag gamitin ang mga kaugnay na pag-aaral bilang *gap* ng pananaliksik. Bigyang-diin ang mahahalagang aksiyong ginawa tulad ng mga obserbasyon, paunang pagsusulit at mga interbyu. |
| 2. Kakulangan ng sapat na datos bilang suporta sa kapaniwalaan ng problema sa silid-aralan | Malinaw na talakayin ang batayan ng problema sa silid-aralan. Kung ito ay natukoy sa pamamagitan ng paggamit ng mga diyornal ng mga mag-aaral, dapat na ang mga diyornal na ito ng mga mag-aaral ang gamitin bilang pangunahing batayan ng datos at pagsusuri ng interbensiyon. Kung ang pangunahing datos ay nasa kwantitatibo, samakatuwid ang problema sa silid-aralan ay dapat na makikita sa paraang kwantitatibo at ang interbensiyon ay dapat na masusuri batay pa rin sa numero. Ganoon din, kung ang pangunahing datos ay nasa kwalitatibo at nakapresenta bilang mga kowd at tema, samakatuwid ang problema sa silid-aralan ay dapat na makikita rin sa mga kwalitatibong kowd at tema at ang interbensiyon ay dapat na masuri sa paraang kwalitatibo. Kaya naman, binibigyang-diin na dapat magkaroon ng hindi pabago-bago at kaangkupan ng mga datos na gagamitin. |
| 3. Kakulangan ng sapat na | Gamitin ang aksiyong pananaliksik bilang disenyo ng |

| | |
|---|---|
| kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik | pag-aaral sa isinasagawang pananaliksik. Suriin ang pamamaraan ng pangangalap ng datos, analisis ng datos at interpretasyon ng mga datos kung nakahanay ang mga ito. Baguhin kung may kailangang baguhin. |
| 3.1. Hindi angkop na metodo | Gamitin ang aksiyong pananaliksik bilang disenyo ng pag-aaral sa isinasagawang pananaliksik. Kung ginamit ang mga deskriptibong istadistika, ilahad na ang pag-aaral ay sumunod sa isang disenyo ng aksiyong pananaliksik na nakaangkla sa mga deskriptibong istadistikang pamamaraan. |
| 3.2. Kabiguan sa paggamit ng angkop na modelo ng aksiyong pananaliksik | Gamitin ang mga modelo ng aksiyong pananaliksik tulad ng kay Stringer's et al. (2010) *Action Research Cyle*, Stringer's (2007) *Action Research Interacting Spiral,* Tillotson's et al. (2004) *Stages of Action Research Cycle* at iba pang mga katulad nito. |

Ipinakikita ng talahanayan sa ibaba ang mga konseptong ginamit ng mga gurong nagsasanay sa kanilang *classroom-based action research* sa pamamagitan ng pasubaybay na pagtuturo.

TALAHANAYAN III. MGA HAMONG NARANASAN NG MGA GURONG NAGSASANAY SA PAGGAWA NG KANILANG MGA *CLASSROOM-BASED ACTION RESEARCH*

| Mga hamong natukoy sa Paunang Sarbey | Pagkatapos ng Yugto 1. Pasubaybay na Pagtuturong Gawain sa Onlayn | Pagkatapos ng Yugto 2. Aktuwal na Pasubaybay na Pagtuturo ng Gawain |
|---|---|---|
| Mga maling hinuha sa likas na katangian ng aksiyong pananaliksik. | Hindi matukoy ang kapaniwalaan ng problema sa silid-aralan bilang *gap* ng pananaliksik | Malinaw na inilarawan ang *gap* ng pananaliksik. |
| Kakulangan ng mga ebidensya upang ipakita ang mga problema sa silid-aralan. | Kakulangan ng sapat na datos upang suportahan ang kapaniwalaan ng problema sa silid-aralan. | Ang *gap* sa pananaliksik ay malinaw na nipakita at nabuo. |
| | | |
| Kakulangan ng sapat na kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik. | Hindi sapat na kaalaman sa balangkas ng aksiyong pananaliksik. | |
| | a.Hindi angkop na metodo. | Gumamit ang mga gurong nagsasanay ng isang angkop na disenyo ng aksiyong pananaliksik. |
| | b. Pagkabigong gumamit ng angkop na modelo ng aksiyong pananaliksik. | Gumamit ang mga gurong nagsasanay ng isang angkop na modelo ng aksiyong pananaliksik. |
| Kawalang-katiyakan ukol sa paggamit at bisa ng interbensyon. | Hindi na nakita o naobserbahan | |
| Kahirapan sa pamamahala ng oras sa *internship* at aksiyong pananaliksik | Hindi na nakita o naobserbahan | |

Malinaw na naipakita na bago ang pagsasagawa ng mga gawaing may kinalaman sa pasubaybay na pagtuturo, may mga maling hinuha ukol sa likas na katangian ng aksiyong pananaliksik. Pagkatapos ng yugto 1, natukoy ng mga gurong nagsasanay ang problema sa silid-aralan na nais nilang lutasin sa pamamagitan ng pagbuo ng interbensiyon. Pagkatapos ng Yugto 2, malinaw na nilang nailarawan ang *gap* ng pananaliksik.

Bago ang pagsasagawa ng mga gawaing may kinalaman sa pasubaybay na pagtuturo, ang mga gurong nagsasanay ay nabigo upang buuin nang malinaw ang problema sa silid-aralan at ang *gap* ng pananaliksik. Pagkatapos ng Yugto 1, nagpresenta sila ng mga ebidensyang susuporta sa *gap* ng pananaliksik. Ganoon pa man, nabigo pa rin ang iilan na bigyang-katwiran ang kaangkupan nito. Pagkatapos ng Yugto 2, nagawa na nilang maitatag nang maayos ang *gap* ng pananaliksik sa pamamagitan ng paglalahad ng mga angkop na patunay at ebidensya.

Ito rin ay maliwanag na ang mga gurong nagsasanay ay walang kompleto at malalim na kaalaman sa kung ano ang *classroom-based action research*. Pagkatapos ng Yugto 1. gumamit sila ng mga disenyo ng pananaliksik na sa tingin nila ay angkop ngunit hindi ito dapat ang gamitin. Higit pa rito,

gumawa sila ng konseptuwal na balangkas ng interbensiyon, ngunit hindi ito isinama sa isang modelo ng aksiyong pananaliksik. Pagkatapos ng Yugto 2. nakagamit na sila ng angkop na disenyo ng aksiyong pananaliksik at isang modelo ng aksiyong pananaliksik.

Kaugnay sa kawalan ng katiyakan sa paggamit at bisa ng interbensiyon, hindi na ito itinuring bilang isang problema ng mga gurong nagsasanay pagkatapos ng Yugto 1 dahil nakatuon sila sa pagpapatupad ng interbensiyon, itinuring nila ang problemang ito bilang angkop na lutasin. Ganoon din para sa kahirapan sa pamamahala ng oras sa *internship* at aksiyong pananaliksik dahil tapos na sila sa kanilang pagka-deploy sa pagpapakitang-turo. Kaya, nagkaroon sila ng malaking oras upang tapusin ang kanilang mga pananaliksik.

Ang mga impresyon ng mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng *classroom-based action research* ay nakatuon sa dalawang (2) tema.

*Tema 1. Classroom-based action research bilang isang oportunidad ng pagkatuto*

Kinikilala ng mga gurong nagsasanay na ang *classroom-based action research* ay isang napakahalagang kagamitan upang mapahusay pa ang kanilang mga kakayahan at kasanayan, kapuwa bilang mga tagapagturo at mananaliksik (Diana, 2011; Manfra, 2019). Kinikilala rin nila ang kahalagahan ng dulog na ito sa pagtugon sa mga hamon sa silid-aralan at paglutas ng mga isyung mahahalaga para sa pag-abot ng mataas na kalidad ng edukasyon. Sa pamamagitan ng aksiyong pananaliksik, nakadebelop sila ng positibong ugali tungo sa pananaliksik at isang sistematikong dulog sa pangangalap ng datos, analisis ng mga resulta at pagpapatupad ng mga interbensiyong batay sa mga may ebidensya. Ang pangkalahatang pananaw na ito ay nagbigay-daan sa kanila upang linangin ang isang mas malalim na pag-unawa sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto na makatutulong sa kanilang propesyonal na pag-unlad.

*"I learned many things sir though it was very hard."* (PA)

"Natuto ako ng maraming bagay kahit na ito ay mahirap." (PA)

*"It helped me to be a better teacher." (PD)*

*"Nakatulong ito upang maging isa akong mabuting guro." (PD)*

*Tema 2. Classroom-based action research bilang malaking hamon sa panahon ng internship*

Ipinahayag ng mga gurong nagsasanay ang kanilang mga sentimento ukol sa pagsasagawa ng *classroom-based action research* sa panahon ng kanilang *internship.* Kinikilala nila ito bilang isang mahirap na gawaing kailangang matapos kasabay ng iba pang mahahalagang responsibilidad sa *internship*, tulad ng pagbuo ng mga banghay-aralin. Kinikilala rin nila ang kahalagahan ng aksiyong pananaliksik sa kanilang propesyonal na pag-unlad at nauunawaan nila na maaaring magbunga ito ng mahahalagang hinuha at pagpapabuti sa kanilang kasanayan sa pagtuturo. Subalit, naharap sila sa hamon ng bigat ng pagbabalanse ng karagdagang responsibilidad na ito sa kabila ng mga kahingian sa *internship*. Alam ng mga gurong nagsasanay na ang pagsasagawa ng aksiyong pananaliksik ay nangangailangan ng sapat na oras, pagsisikap at maingat na pagpaplano sa bawat detalye (Toquero, 2021). Kinailangan nilang bumuo ng mga layunin ng pag-aaral, mangolekta at magsuri ng mga datos at magpatupad ng mga interbensiyong batay sa kanilang mga resulta. Ang lahat ng mga gawaing ito ay nangangailangan ng malaking oras na labas sa regular na panahon ng pagtuturo at mga tungkulin sa *internship* sapagkat ito ay nakadaragdag lamang sa kanila ng iba pang trabaho at posibleng makaapekto sa kanilang kakayahang tuparin ang iba pang mahahalagang gawain.

*"Makapoy man adto sir (It was tiring sir.). I find it very hard."* (PB)

"*Nakapapagod man iyon Ginoo. Masasabi kong mahirap ito."* (PB)

*"We have other tasks to finish sir. It's hard to finish it on time."* (PE)

*"May iba pa kaming kailangang tapusin Ginoo. Mahirap itong matapos sa itinakdang oras."* (PE)

## IV. Konklusyon at Rekomendasyon

Ang pasubaybay na pagtuturo ay isang epektibong paraan upang mapalakas at mapataas ang mga kasanayan ng mga gurong nagsasanay sa pagsasagawa ng *classroom-based action research* (Qingli, Torres, & Shi-Ji, 2019). Sa pamamagitan ng pasubaybay na pagtuturo, nagabayan sila kung paano magsagawa ng isang may mataas na kwaliti at may-katuturang *classroom-based action research.* Sa pagdaragdag, nagbigay din ito ng pagbuo at paglilipat ng kaalaman sa pagsasagawa ng *classroom-based action research* (Bendtsen, Eklund, & Forsman, 2021).

Ang mga gawaing may kinalaman sa pasubaybay na pagtuturo ay nilinaw at nakagabay sa mga gurong nagsasanay sa kanilang pag-unawa sa likas na katangian ng *classroom-based action research*. Nakatulong din ito sa paghuhulma sa mga gurong nagsasanay upang malinaw na mailarawan at mabuo ang *gap* ng pananaliksik ng kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga ito, nagabayan sila kung paano nila sistematikong isasagawa ang kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng pasubaybay na pagtuturo, ang mga gurong nagsasanay ay nadebelop upang makakilala at makagamit ang mga angkop na ebidensya na makatutulong sa maayos na pagbuo ng kanilang *gap* ng pananaliksik at ang naaangkop na

interbensiyon nito. Higit pa rito, nagbigay rin ito ng kamalayan sa pagbuo ng isang maayos na balangkas ng aksiyong pananaliksik na makatutulong sa kanila upang maging gabay sa sistematikong pagpapatupad ng kanilang nakaplanong interbensiyon.

Sa layuning bigyan ang mga gurong nagsasanay ng mga kasanayan sa aksiyong pananaliksik na angkla sa *Joint CHED-DEPED Memorandum Order No. 01*, serye 2021, kinakailangan lamang magbigay ng makabuluhang karanasan ang programa sa *internship* hinggil dito. Bagama't malaki ang pagpapahalaga ng mga gurong nagsasanay sa mga kasanayang nakuha nila sa pagsasagawa ng *classroom-based action research*, itinuring nila ito bilang isang karagdagang hamong gawain na dapat gampanan kasama ng iba pang mga tungkulin sa *internship* na mahalaga rin tulad ng pagbuo ng banghay-aralin at pagpapasa ng iba pang mga kahingian(Toquero, 2021) .

Ang pagsasagawa ng *classroom-based action research* ay dapat maging isang kasiya-siyang karanasan sa mga gurong nagsasanay, kaya mahalagang muling basahin at irebyu ang mga alituntunin ng programang *internship* upang hindi ito maging isang hadlang dahil lamang dito at *vice-versa*. Maaari ding magsagawa at magkaroon ng serye ng mga pagsasanay at seminar sa paggawa ng *classroom-based action research* upang maiwasan ang kalituhan at maging malinaw ang mga maling hinuha lalo na sa likas na katangian at metodolohiya ng *classroom-based action research.*

## References

[1] Bendtsen, M., Eklund, G., Forsman, L., & Pörn, M. (2021). Student teachers' experiences of action research-based projects: two cases within pre-service teacher education in Finland. *Educational Action Research*, *29*(5), 707-721.

[2] Banegas, D. L., & de Castro, L. S. V. (2019). Action research. In *The Routledge handbook of English language teacher education* (pp. 570-582). Routledge.

[3] Clark, J. S., Porath, S., Thiele, J., & Jobe, M. (2020). Action research.

[4] Diana, T. J. (2011). Becoming a teacher leader through action research. *Kappa Delta Pi Record*, *47*(4), 170-173. DOI: 10.1080/00228958.2011.10516586

[5] Dikilitaş, K., & Comoglu, I. (2022). Pre-service English teachers' reflective engagement with stories of exploratory action research. *European Journal of Teacher Education*, *45*(1), 26-42.

[6] Hunuk, D., & MacPhail, A. (2023). Exploring the co-construction of an action research experience between a teacher educator and pre-service teachers. *European Physical Education Review*, *29*(1), 145-161.

[7] Madin, C. V., & Swanto, S. (2019). An inquiry approach to facilitate reflection in action research for ESL pre-service teachers. *Teflin Journal*, *30*(1), 1-21.

[8] Manfra, M. M. (2019). Action research and systematic, intentional change in teaching practice. *Review of Research in Education*, *43*(1), 163-196.

[9] Mertler, C. A. (2019). *Action research: Improving schools and empowering educators*. Sage Publications.

[10] Toquero, C. M. D. (2021). "Real-world:" preservice teachers' research competence and research difficulties in action research. *Journal of Applied Research in Higher Education*, *13*(1), 126-148.

[11] Salbx, C. A., O'Brien, E., LaFrance, D., & LaFrance, J. (2020). Action Research in a Professional Development School: A Pre-Service Teacher's Path to Understanding. *PDS Partners: Bridging Research to Practice*, *15*(2), 35-38.

[12] Saldaňa, J. (2009). The coding manual for qualitative researchers. Lontoo: SAGE Publications Ltd.

[13] Saribas, D., & Ozer, F. (2022). Action research in a teacher education program: Probing into pre-service elementary teachers' understandings of scientific practices and teaching scientific practices. *Journal of Education for Teaching*, *48*(2), 197-213.

[14] Sheppard, M., Wolfinger, M. E., & Talbert, R. (2021). Leading from the start: preservice teachers' conceptions of teacher leadership. *Teaching Education*, *32*(4), 371-387.

[15] Stringer, E. T. (2007). Action research third edition.

[16] Qing-li, H., Torres, M. N., & Shi-Ji, F. (2019). Collaborative action research for preparing teachers as reflective practitioners. *Systemic Practice and Action Research*, *32*, 411-427.

[17] Schmuck, R. A. (2006). *Practical action research for change*. Corwin Press.